

# Mga Item na Malalaking Basura

Sentro ng Pagtanggap ng Malalaking Basura

0120-138534

Mga oras ng pagtanggap: 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. (Sarado tuwing Sadabo, Linggo, pambansang bakasyon, kapalit na bakasyon, at bakasyon ng Bagong Taon)

May dalawang paraan upang itapon ang mga item na ito.  
(1) Dalhin ang mga ito nang direkta sa Sentrong Pangkapoligiran (tingnan sa p14)  
(2) Ipakolekta ang mga ito mula sa iyong bahay (Mag-apply sa pamamagitan ng Sentro ng Pagtanggap ng Malalaking Basura)

## Mga saklaw na item


Mga item na hindi kasya sa nakatagalang mga bag ng basura; may sukat na 60 cm o mas mahaba, lapad, o taas; o tumitimbang ng higit sa 6 kg, anuman ang sukat ng mga ito



Mga bisikleta



Muwebles



Mga desk



Mga alpombra

\*Ang mga item lamang na may sukat at timbang na kayang buhatin ng dalawang adulto ang tatanggapin.

\*Hindi itinuturing na "mga item na malalaking basura" ang mga air conditioner, TV, refrigerator, freezer, washing machine, dryer, at PC. (Mangyaring tingnan sa pp. 11-12)

## Paaano gamitin ang serbisyo ng pagkolekta sa bahay

800 yen bawat item  
Hanggang limang item ang maaaring tanggapin sa bawat aplikasyon.

- 1 Tumawag sa "Sentro ng Pagtanggap ng Malalaking Basura" at hilingin na kolektahin ang mga ito.

### Sentro ng Pagtanggap ng Malalaking Basura

0120-138534

Mga oras ng pagtanggap: 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. (Sarado tuwing Sadabo, Linggo, pambansang bakasyon, kapalit na bakasyon, at bakasyon ng Bagong Taon)

\*Hindi matawagan ng mga IP na telepono ang numerong ito.

\*Maaari kang mag-apply saanman mula isang buwan (30 araw) hanggang isang linggo bago ang petsa ng pagkolekta (hindi kasama ang mismong petsa ng pagkolekta).

(Halimbawa) Kung nag-apply ka noong Abril 2, ang pinakamalapit na posibleng petsa ng pagkolekta ay Abril 9.

- 2 Maaari kang bumili ng "mga tiket ng pagtatapon ng item na malalaking basura" sa munisipyo ng lungsod, mga sangay na opisina, supermarket, o convenience store (hindi nagtitinda nito ang ilang lokasyon).



\*Hindi mare-refund ang mga tiket na ito. At, hindi ito muling mai-issue kung nasira o nawala ang mga ito.

- 3 Mangyaring isulat ang numero ng iyong pagtanggap (o pangalan) sa "tiket at idikit ito" sa iyong item na malaking basura. Pagkatapos, itapon ito sa nakatalagang lugar bago ang 8:30 a.m. sa araw ng pagkolekta. Para sa mga gusali ng apartment, maaari mong ilagay ang mga item malapit sa pasukan sa unang palapag. \*Hindi mo na kailangang naroon para sa pagkolekta. \*Hindi kami papasok sa iyong bahay upang kuhanin ang anumang item.

## Mga araw ng pagkolekta

May nakatakdang araw ng pagkolekta ang bawat distrito para sa mga item na malalaking basura.

Mga araw ng pagkolekta sa bahay ayon sa distrito para sa mga item na malalaking basura (Kinokolekta isang beses bawat linggo)

Araw ng pagkolekta	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes
Distrito	Miyanishi, Kifune, Daishi, Mukaiyama, Fuji, at Imaise-cho	Nishinari, Tanyo-cho, at Chiaki-cho	Haguri, Azai-cho, Kitagata-cho, at Kisogawa-cho	Kamiyama, Yamato-cho, at Hagiwara-cho	Oku-cho, Okoshi, Konobunakashima, Sanjo, Daitoku, Asahi, at Kaimei

\*Walang koleksyon tuwing Sadabo, Linggo, pambansang bakasyon, kapalit na bakasyon, at bakasyon ng Bagong Taon

## Paraan ng pagtatapon at mga babala

Maaaring kolektahin mula sa iyong bahay ang mga item na hindi nadudurog tulad ng mga durog na bato, tile ng bubong, kongkretong produkto, at iba pa na may timbang na 100 kg bilang mga item na hindi naaangkop para sa pagtatapon nang may bayad. Mangyaring mag-apply sa pamamagitan ng Sentrong Pangkapoligiran (Tel.: 0586-45-7004). Ang bayad ay 800 yen sa bawat 50 kg. (Tinukoy ang mga araw ng pagkolekta.)

Maaari mo ring direktang dalhin ang mga item sa Sentrong Pangkapoligiran. Ang mga item na inalis ng mga kontratista ay itinuturing na basurang mula sa industriya at hindi makokolekta o mapropesoso ng lungsod.